Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Quezon
BAYAN NG POLILLO
-ooOoo-

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

**HALAW BUHAT SA KATITIKAN NG IKA-APATNAPUT SIYAM (49) NA PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG POLILLO, QUEZON NA IDINAOS SA BULWAGANG PULUNGAN SA GUSALI NG PAMAHALAANG BAYAN NG POLILLO, NOONG HULYO 10, 2017 GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kagalang-galang Loel F. Santoalla, | Pangalawang Punong Bayan at Tagapangulo, |
| Kagalang-galang Rufino Rene Q. Marquita, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Rudy S. Pumarada, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Albert R. Agunias, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Efren C. Atendido, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Joel V. Asis, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Hubert Bismarck A. Espiritu, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Bella A. Correces, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Edwin P. Susa, | Pangulo-PPLB/Ex-Officio. |

**HINDI DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kagalang-galang Walter P. Calleja, | Konsehal, (O.B.). |

## KAUTUSANG BAYAN BLG. 118, SERYE 2017

**KAUTUSANG BAYAN NA NAGTATAKDA NG PATAKARAN AT ALITUNTUNIN SA PAMIMILI NG KABU-KABUONG NIYOG NG POLILLO, QUEZON, AT NAGTATAKDA NG PARUSA SA LUMABAG DITO**

Author/s: **Kon. Rudy S. Pumarada, itinukoy at masusing pinag-aralan sa Committee On Ways and Means/Trade & Industry/Economic Enterprise, Committee on Peace & Order and Public Safety at Committee on Rules and Privileges/Ordinances & Legal Matters sa pangunguna ng Chairman, Kon. Albert R. Agunias**

*Alinsunod sa kapangyarihang ipinagkaloob ng batas sa Sangguniang Bayan ng Polillo, Quezon ay ipinahahayag ang mga sumusunod:*

***PANGKAT 1***. Ang Kautusang Bayang ito ay kikilalaning **Kautusang Bayan na nagtatakda ng patakaran at alituntunin sa pamimili ng kabu-kabuong niyog sa nasasakupan ng Polillo, Quezon, at nagtatakda ng parusa sa lumabag dito.**

***PANGKAT 2***. Ang lahat ng mamimili (buyer) ng kabu-kabuong niyog ay kailangang may kaukulang lisensya sa pamimili ng niyog at may pahintulot ang Punong Bayan. Ang lisensya ay ipagkakaloob ng Ingat-Yaman sa pamamagitan ng pahintulot na ipinagkaloob ng Punong Bayan.

ENGR. CRISTINA E. BOSQUE
Punong Bayan

LOEL F. SANTOALLA
Pangalawang Punong Bayan at Tagapangulo

MEDICINE C. ASIS
Kalihim ng Sangguniang Bayan I

*PANGKAT 3* . Ang adhikain ng Kautusang ito ay upang lubos na mabigyan ng pagpapatupad at bisa sa lahat ng mamimili na hindi kumukuha ng lisensya sa pamimili at pagtitinda ng kabu-kabuong niyog mula sa Punong Bayan at Tanggapan ng Ingat-Yaman at hindi papahintulutang makapagtinda nito (niyog) upang sa ganitong paraan ay mabigyan ng proteksyon ang mga lisensyadong mamimili ng kabu-kabuong niyog sa kanilang pangangalakal.

*PANGKAT 4*. Ang halagang igagawad sa pagkuha ng lisensya ay ayon sa itinatadhana ng pinagtibay na Revised Revenue Code of 2014.

*PANGKAT 5*. Ang mga may-ari ng niyugan sa bayang ito ng Polillo ay hindi pinagbabawalang magbili ng kani-kanilang niyog subalit kinakailangang ang mga kabu-kabuong niyog na ipagbibili ay sa mga awtorisado at lisensyadong mamimili ng niyog lamang nila dapat ipagbili.

*PANGKAT 6*. **KAPARUSAHAN**

Ang Kaparusahan sa Kautusang Bayang ito ay ibabase sa nilalaman ng R.A. 7160 at ng Revised Revenue Code of 2014 ng bayang ito.

*PANGKAT 7*. **PAGPAPATUPAD**

a. Kailangang mayroong coordination sa PCA ang pagluluwas ng kabu-kabuong niyog.

b. Na ang magbebenta ng niyog bago bilhin ng mamimili ay kailangang may kapahintulutan ang may-ari ng niyugan, may certification mula sa Punong Barangay at kung wala ang Punong Barangay ay ang successor nito.

k. Ang lahat ng mamimili ng buo-buong niyog ay kailangang mayroong record book, kung sino ang nagbili, kung ilan ang binili at kung kailan binili.

d. Ireregulate ang pamimili ng kabu-kabuong niyog at **kung maaari ay dapat mga lehitimong mga taga-bayan ng Polillo ang mabigyan ng priority sa pamimili nito.**

e. Na mayroong limit ang pamimili ng kabu-kabuong niyog at ito ay hindi dapat bababa ng 500 na kabuo;

*PANGKAT 8*. **PAGSASAWALANG BISA** – Ang alinmang Kautusang Bayan o bahagi nito na salungat sa Kautusang Bayang ito ay binabago na ngayon at pinawawalang bisa.

*PANGKAT 9*. **PAGKAKABISA** – Ang Kautusang Bayang ito ay magkakabisa at ipapatupad matapos na ito'y dumaan sa pampublikong pagdinig, katigan ng Punong Bayan, maipaskil ang kopya ng Kautusang Bayang ito sa tatlong (3) hayag na lugar sa nasasakupan ng bayan ng Polillo, at makalipas ang tatlumpung (30) araw matapos na pormal na matanggap ng Sangguniang Panlalawigan ang Sipi ng Kautusang Bayang ito, subalit kung sakaling dumating ang Kapasiyahan ng Sangguniang Panlalawigan na hindi umaayon dito ay agarang ipahihinto ang pagpapatupad nito.

ENGR. CRISTINA E. BOSQUE
Punong Bayan

LOEL F. SANTOALLA
Pangalawang Punong Bayan
at Tagapangulo

MEDICINE C. ASIS
Kalihim sa Sangguniang Bayan I

**PINAGTIBAY NG LAHAT.**
Hulyo 10, 2017

x----------------------------------------------------------------------------------------------------x

*Pinatutunayan ko alinsunod sa itinatadhana ng Seksyon 54 at 469 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991 na pinagtibay ng Sangguniang Bayan ang **Kautusang Bayan Blg. 118, Serye 2017** sa petsang binabanggit sa unahan nito.*

**MEDICINE C. ASIS**
Kalihim sa Sangguniang Bayan I

**PINATUTUNAYANG WASTO AT GANAP NA PINAGTIBAY:**

**LOEL F. SANTOALLA**
Pangalawang Punong Bayan
at Tagapangulo

**LUBOS NA PINAGTIBAY:**

**ENGR. CRISTINA E. BOSQUE**
Punong Bayan

*Sinipi noong:*
***Setyembre 21, 2017***